Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

11 Nobyembre 2018 Ika-32 Linggo sa Karaniwang Panahon Taon B

ANG KASIKATAN NG MGA ABA

Tayo ay humahanga sa mga sikat at mararunong, sa mga mayaman at makapangyarihan. Ngunit hindi natin pinapansin ang mga hamak at aba. Ang mga maliliit sa ating lipunan ay atin talagang minamaliit. Subalit iba ang pamantayan ng Diyos. Dahil sa ang tinitingnan niya ay ang puso, madalas ay nagugulat tayo sa mga binibigyan niya ng halaga. Ang mga hamak at dukha, ang mga aba at walang kaya sa buhay ay kanyang pinahahalagahan. Ang mga ito, para sa kaniya, ay ang siyang pinaghaharian ng Diyos. Sila ang talagang makapagkakalat ng paghahari ng Diyos sa lupang ibabaw. Sana'y mapabilang tayo sa mga hamak at aba upang tayo ay maging tunay na dakila sa paghahari ng Diyos.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

D'yos ko, ako'y iyong dinggin, pakinggan sa pagdalangin, tulungan sa aking daing. Pandinig mo ay ikiling sa pagluhog ko't paghiling.

Pagbati

P– Ang pagpapala ng ating Panginoon Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Amang lubusang nagpapahalaga sa mga aba at dukha, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

B– **At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P– Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo, hilingin natin ang pagpapatawad ng Panginoon sa lahat ng ating mga kasalanan, lalo na sa ating di pagiging bukas-palad. *(Manahimik saglit.)*

P –Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa iyong mga dakilang balak para sa aming buhay, Panginoon, kaawaan mo kami.

B –**Panginoon, kaawaan mo kami!**

P– Para sa aming kakulangan ng tiwala sa aming kakayahang magbahagi ng aming yaman sa iba, Kristo, kaawaan mo kami.

B– **Kristo, kaawaan mo kami!**

P– Para sa aming kawalan ng pagpapahalaga sa aming mga kapatid na aba at dukha, Panginoon, kaawaan, mo kami.

B– **Panginoon, kaawaan mo kami!**

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B –**Amen!**

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P– Ama naming makapangyarihan, para mo nang awang ilayo sa amin araw-araw ang lahat ng mga sumasalungat sa amin at humahadlang upang ang aming buong katauhan ay magkaroon ng kalayaan para kusang sundin ang iyong kalooban sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – **Amen!**

32KP B.indd 1 8/30/2018 3:22:12 PM

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***1 Ha 17:10-16***

Ang propetang si Elias ay maaaring ipadala ng Diyos sa mga palasyo ng mga mayayaman at makapangyarihan. Sa halip siya ay ipinadala ng Panginoon sa isang dukhang balo sa Sarepta. Dito siya lumagi hanggang matapos ang tagtuyo sa lupain. Ang kanyang pananahan sa bahay ng balo ay nagdulot ng pagpapala sa mag-ina, dahil hindi naubos ang harina sa lalagyan at hindi rin natuyo ang langis sa tapayan nila. Sana tayo rin ay maging mga abang pinagpapala ng Diyos.

L– Pagpapahayag mula sa Unang Aklat ng mga Hari

Noong mga araw na iyon, si propeta Elias ay pumunta sa Sarepta, at nang papasok na siya ng pintuan ng lunsod, nakita niya ang balo na namumulot ng panggatong. Sinabi niya sa babae: "Maaari po bang makiinom?" Aalis na ang babae upang ikuha siya ng tubig nang pahabol niyang sabihin: "Kung maaari, bigyan mo na rin ako ng kaunting pagkain."

Sumagot ang babae: "Alam po ng Panginoon na iyong Diyos na wala na kaming tinapay. Mayroon po kaming kaunting harina at kapatak na langis. Namumulot nga ako ng maigatong upang lutuin iyon at makakain man lamang kami ng anak ko bago kami mamatay."

Sinabi sa kanya ni Elias: "Huwag kang mag-alala. Humayo ka at gawin mo ang iyong sinabi. Ngunit ipagluto mo muna ako ng isang munting tinapay, at pagkatapos magluto ka ng para sa inyo. Sapagkat ganito ang sabi ng Panginoon, Diyos ng Israel: Hindi ninyo mauubos ang harina sa lalagyan at hindi rin matutuyo yaong langis sa tapayan hanggang hindi sumasapit ang talagang takdang araw na ang ula'y marapating papatakin ng Maykapal."

Ginawa nga ng babae ang utos ni Elias at sila'y kumain – si Elias at silang mag-ina. At hindi nga naubos ang harina sa lalagyan, at hindi natuyo ang langis sa sisidlan, tulad ng pangako ng Panginoon sa pamamagitan ni Elias.

Ang Salita ng Diyos!
***B –*Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 145***

B –Kalul'wa ko, 'yong purihin ang Panginoong butihin!

R. M. Velez



*** Ang maaasahang lagi'y Panginoon, panig sa naaapi, ang Diyos na hukom, may pagkaing handa, sa nangagugutom.** ***B.***

*** Pinalaya niya ang mga nabihag; isinasauli, paningin ng bulag; lahat ng inapi ay itinataas, ang mga hinirang niya'y nililingap.** ***B.***

*** Isinasanggalang ang mga dayuhang sa lupain nila'y doon tumatahan; tumutulong siya sa balo't ulila, masamang balangkas pinipigil niya.** ***B.***

*** Walang hanggang Hari, ang Diyos na Poon! Nabubuhay lagi ang Diyos mo, Sion!** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Heb 9:24-28***

Ang may-akda ng Sulat sa mga Hebreo ay ipinakikita ang talagang kadakilaan ni Hesus bilang Dakilang Pari magpakailanman. Minsan lamang siya ipinako sa krus at nagbuwis ng buhay. Minsan lamang dumanak ang kanyang dugo ngunit ito ay sapat na upang hugasan ang kasalanan ng sanlibutan sa lahat ng panahon. Sana tayo ay sumampalatayang matibay sa ating Dakilang Pari at Tagapagligtas.

L– Pagpapahayag mula sa Sulat sa mga Hebreo

Pumasok si Kristo, hindi sa isang Dakong Banal na ginawa ng tao at larawan lamang ng tunay, kundi sa langit. At ngayo'y nasa harapan siya ng Diyos at namamagitan para sa atin.

Ang dakilang saserdote ng mga Judio ay pumapasok sa Dakong Banal taun-taon, may dalang dugo ng mga hayop. Ngunit minsan lamang pumasok si Kristo upang ihandog ang kanyang sarili, at iya'y sapat na. Kung di gayon, kailangan sanang siya'y paulit-ulit na mamatay mula pa nang matatag ang sanlibutan. Subalit minsan lamang siyang napakita, ngayong magtatapos na ang mga panahon, upang pawiin ang kasalanan sa pamamagitan ng haing kanyang inihandog.

Itinakda sa mga tao na minsan lamang mamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom. Gayon din naman, si Kristo'y minsang inihandog bilang hain upang pawiin ang mga kasalanan ng mga tao. Siya'y muling darating, hindi upang ihandog na muli dahil sa kasalanan kundi upang iligtas ang mga naghihintay sa kanya.

Ang Salita ng Diyos!
***B –*Salamat sa Diyos!**

Aleluya ***Mt 5:3***

***B –*Aleluya! Aleluya!**
Mapalad ang mga dukha na tanging D'yos na lumikha ang pag-asa at adhika.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Mc 12:38-44***

Sa marami nating simbahan ang mga malaking magbigay ay pinahahalagahan at talagang iginagalang. Ang mga barya lamang ang bigay ay tanggap din naman ngunit hindi talagang pinahahalagahan. Ang balo sa ating Ebanghelyo ay dukha at dalawang kusing lamang ang kayang ibinigay. Ngunit kay laki ng pag-ibig na kalakip nito dahil kay laki rin ng sakripisyong kailangan para maibigay ito. Sana matuto rin tayong magsakripisyo upang lumago sa wagas na pag-ibig.

P– Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

***B –*Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang pagtuturo, "Mag-ingat kayo sa mga eskriba na mahilig maglalakad nang may mahabang kasuutan at natutuwang pagpugayan sa mga liwasan. Ang ibig nila'y ang mga tanging luklukan sa mga sinagoga, at ang mga upuang pandangal sa mga piging. Inuubos nila ang kabuhayan ng mga babaing balo, at ang sinasangkala'y ang pagdarasal nang mahaba! Lalo pang bibigat ang parusa sa kanila!"

Umupo si Hesus sa tapat ng hulugan ng mga kaloob doon sa templo, at pinagmasdan ang mga taong naghuhulog ng salapi. Maraming mayayamang naghulog ng malalaking halaga. Lumapit naman

32KP B.indd 2 8/30/2018 3:22:14 PM

ang isang babaing balo at naghulog ng dalawang kusing na katumbas ng isang pera. Tinawag ni Hesus ang kanyang mga alagad at kanyang sinabi, "Sinasabi ko sa inyo: ang dukhang balong iyon ay naghulog ng higit sa kanilang lahat. Sapagkat ang iba'y nagkaloob ng bahagi lamang ng hindi na nila kailangan, ngunit ibinigay ng balong ito na dukhang-dukha ang buo niyang ikabubuhay."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B **– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Nalulu klok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Hangad nating maging dakila sa paningin ng Diyos. Puno ng tiwalang tayo ay tutulungan niyang maging dakila sa pamamagitan ng pagiging bukas-palad, ating sambitin:

B **– Mapagbigay na Diyos, dinggin mo ang aming panalangin!**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang manguna sila sa pagpapahalaga sa mga dukha at aba sa ating pamayanan, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa lahat ng mga pari at mga namanata sa Diyos, upang sa taong ito ng kaparian at buhay relihiyoso, matuto silang magbigay ng lahat na siyang nilalaman ng kanilang mga sinumpaan, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang gawin nila ang lahat ng kanilang makakaya para maiangat ang kalagayan ng mga naghihirap at nagigipit sa ating lipunan, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa mga taong maykaya sa buhay ngunit nagbubulag-bulagan sa pangangailangan ng kanilang mga kapatid na naghihikahos, upang mabuksan ang kanilang mga puso at ang kanilang mga lukbutan, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa Lingguhang Eukaristiya, upang lumago tayo araw-araw sa pagpapahalaga sa mga maliliit at hinahamak sa ating paligid at magsumikap na sila'y maiangat, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. *(Tumigil saglit.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P – Ama naming mapagbigay, isugo mo sa amin ang iyong Banal na Espiritu upang mapuspos kami ng linaw ng mata para makita ang kahirapang pinagdaraanan ng aming mga kapatid. Pukawin mo ang aming mga puso at nang matugunan namin sa abot ng aming makakaya ang kanilang pangangailangan. Hinihiling naming ito sa pamamagitan ng Anak mong talagang nagmahal sa mga maliliit, si Hesukristong aming Panginoon.

B **– Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo. . .

B **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang paghahain ng mga natitipon dito upang ang aming ginaganap na pag-aalay ng sarili ng Anak mo ay aming pakinabangan sa kanyang pamamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **– Amen!**

Prepasyo VII

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin bagama't di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Niloob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami'y tunghayan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha't ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B **– Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

PAKIKINABANG

B **– Ama namin . . .**

P – Hinihiling namin. . .

B **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

32KP B.indd 3 8/30/2018 3:22:14 PM

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Pastol kong nagtataguyod ang Panginoong aking D'yos, di ako maghihikahos, pagkai'y kanyang kaloob, inumin ay kanyang dulot.

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–** Ama naming mapagmahal, tinatanaw naming utang na loob ang banal na pakikinabang at iniluluhog naming ang Espiritu Santo ay mag-umapaw sa kalooban naming kanyang tinitigib ng iyong kadakilaan upang ang iyong kagandahang-loob ay manatili sa amin palagian sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen!**

PAGWAWAKAS

***P*–** Sumainyo ang Panginoon.

***B*– At sumaiyo rin!**

***P*–** Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*
Itulot nawa ng Diyos na maging bukas-palad kayo sa pagtulong sa mga dukha.

***B*– Amen!**

***P*–** Iadya Niya nawa kayo sa labis na karukhaan at sa lahat ng panganib na pisikal at moral.

***B*– Amen!**

***P*–** Gantimpalaan Niya nawa ang lahat ninyong pagbibigay at kahandaang tumulong sa mga nangangailangan.

***B*– Amen!**

***P*–** Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B*– Amen!**

***P*–** Humayo kayo sa kapayapaan upang ibigin at paglingkuran ang Panginoon.

***B*– Salamat sa Diyos!**

PAG-IBIG NA WALANG SUKAT

May isang taong bumili ng dalawang kilong bigas at umuwing masaya dahil sa kanyang dala. Sa kanyang pag-uwi ay may nadaanan siyang isang babaeng may apat na anak na nakatira sa isang kariton sa ilalim ng tulay. Nakita niyang umiiyak ang mga bata, marahil ay dahil sa matinding gutom. Naisip niyang kumuha ng dalawang dakot ng bigas sa supot na kanyang dala upang ibigay sa mag-iina. Lubos ang pasasalamat ng nanay, pati na rin ng ilan sa kanyang mga anak.

Habang papalapit na siya sa kanyang bahay ay naramdaman niyang bumibigat ang supot na kanyang dala. Pagkarating niya sa bahay kaagad niyang kinuha ang taguan niya ng bigas at ibinuhos doon ang natira sa bigas na kanyang binili. Sa kanyang pagkamangha ay nakita niyang marami sa mga butil ay kumikinang. Nang kanyang sipating mabuti ay natanto niyang mga butil ng ginto ang mga iyon. Ihiniwalay niya ang mga ito ay nakita niyang dalawang dakot ang dami ng mga ito. Naalaala niya ang dalawang dakot ng bigas na kanyang ibinigay sa mag-iina sa ilalim ng tulay. Dito niya nasabi sa sarili: *Kung dalawang kilong bigas pala, at hindi dalawang dakot lamang ang aking ibinigay, sana ay higit na marami ang ginto ko ngayon!*

Minsan ay talagang sinusukat natin ang ating pagbibigay sa mga nangangailangan. Dahil dito ay sukat na sukat din ang ating natatanggap. Sa Matandang Tipan ang pagbibigay sa Diyos ay itinalaga sa ikapo – ang ikasampung bahagi ng kanilang kinita. Sa Bagong Tipan ang batayan ng pagbibigay sa Diyos ay ang balo sa ating Ebanghelyo –*"ibinigay ng balong ito na dukhang-dukha ang buo niyang ikabubuhay" (Marco 12:44).* Sa madaling sabi, ang sukatan ng pagbibigay ay hindi ang kinita ng magbibigay kundi ang pangangailangan ng pagbibigyan. Ang turo ni San Pablo sa mga taga-Corinto: *"ang naghahasik ng kakaunti ay mag-aani ng kakaunti, at ang naghahasik naman ng marami ay mag-aani ng marami. Ang bawat isa'y dapat magbigay ayon sa sariling pasiya, maluwag sa loob at di napipilitan lamang, sapagkat ang ibig ng Diyos ay kusang pagkakaloob" (2 Corinto 9:6-7).*

Ang talagang nakatutulong sa kapwa-tao ay hindi ang salapi o ang yaman kundi ang pag-ibig. Ang dukhang balo sa Ebanghelyo ay higit na malaki ang pag-ibig na ipinamalas dahil sa talagang pinaghirapan niya ang pagbibigay ng dalawang kusing – "*ang buo niyang ikabubuhay" (Marco 12:44).* Pag-ibig ang nakapagbabago ng ating daigdig at nakapapawi ng pagkakasala. Itinuturo nga ni San Pedro: *"Higit sa lahat, magmahalan kayo nang tapat, sapagkat ang pagmamahal ay pumapawi sa maraming kasalanan" (1Pedro 4:8).*

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Marketing:*** Fr. B. Nolasco and T. Mojica • ***Circulation:*** R. Saldua

32KP B.indd 4 8/30/2018 3:22:15 PM